

+++++

Balita at Malasakit ng Iglesiya



**United Church of Christ in the Philippines**

South Luzon Jurisdiction  
Northeast Southern Tagalog Conference



**CHURCH NAME**

ADDRESS:

**9<sup>TH</sup> SUNDAY IN KINGDOMTIDE  
REFORMATION SUNDAY**

October 23, 2016



**Patnugot:**

**Pianista:**

**Tagapamahalang Pastor:**

**Volunteer Workers:**

**PAGNINILAY-NILAY:** (A Spirituality means no less than an act of Sharing in the broken Body of Christ for the healing of the world. It is a commitment to the mandate to give oneself to God and to the world so that God may be Honored and that all may enjoy God's gracious gift of fullness of life.)

## **Kaayusan Ng Pananambahan**

### **MASAYANG PAG-AAWITAN:**

**PAMBUNGAD NA TUGTUGIN:** PAGSISINDI NG KANDILA AT PAGBUBUKAS NG BIBLIA

**TAWAG SA PAGSAMBA (mula sa Awit 34: 1-4)**

- Patnugot:** Aking pupurihin ang Panginoon sa buong panahon;  
**Kapulungan:** ang pagpuri sa Kaniya ay laging sasa-aking bibig.  
**Patnugot:** Ang aking kaluluwa ay maghahambog sa Panginoon.  
**Kapulungan:** Maririnig ng maamo at masasayahan.  
**Patnugot:** O, dakilain ninyo na kasama ko ang Panginoon, at tayo'y mangagbunyi na magkakasama sa Kaniyang pangalan.  
**Kapulungan:** Aking hinanap ang Panginoon, at sinagot Niya ako, at iniligtas Niya ako sa lahat ng aking mga kinatatakutan.

### **PANIMULANG AWIT**

#### **"Oh! Dios ng Aming mga Magulang" MASP16**

1. Oh! Dios ng aming mga magulang akayin Mo kami't patnubayan ng Iyong ilaw ng kabanalan buhat sa Iyong kal'walhatian.
2. Ang pag-ibig na aming tinanggap sa aming bayan ay ilaganap; Pag-iingat sa ami'y igawad nang masunod dakila Mong utos.
3. Ipag-adya kami sa panganib, lukuban Mo ng Iyong tangkilik; Palakasin Mo ang pananalig sa kapayapaan ay ihatid.
4. Buhay ng aming bansa'y puspusin ng liwanag ng Iyong luningning; Buong puso naming mamahalin ang ngalan Mo'y aming pupurihin.

### **PANIBUKAS NA PANALANGIN:**

**Patnugot**

#### **HAMON NG PAGSISIYASAT NG MGA SARILI**

### **TAWAG SA PAGSISISI**

**Patnugot:** Ang pag-aakalang matuwid sa kabila ng mga pagkakamali at ang pananangan sa sariling kakayahan ay pawang anyo ng kasalanan. Sa sandaling ito mga kapatid, magpakumbaba tayo sa presensya ng Diyos at hilingin natin sa kanya ang pagtutuwid at pagpapatawad tungo sa ganap na pagbabago.

**(Magkaroon ng sandaling matahimik na pananalangin.)**

**Sa saliw ng Musika**

### **PAGTANGGAP SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS:**

**PASTOR**

*"Ang Dios na nagkaloob at lumikha ng buhay; Dios na nagtataguyod at nagpapanatili ng buhay, ang tumawag sa atin upang itaguyod at panatilihin ang biyaya ng Dios, upang ang lahat ay makaranas ng masaganang buhay. Ang kapayapaan at kapatawaran ay sumating lahat. Panatilihin nawa natin ang pag-ibig ng Dios at ipadama sa bawat isa. AMEN.*

**TUGON:** **"Nais kong si Jesus ay Isaysay"**

Nais kong si Jesus ay aking isaysay yamang Siya'y tapat na kaibigan;  
kung paanong binago ang aking buhay ay hindi magagawa ng sinoman.  
**KORO:** Si Jesus ay wala nang kapantay, maunawaing kaibigan;  
Pinaram ang aking manga kasalanan, at ako'y iningatan

### **BALITA AT MALASAKIT NG IGLESIA**

### **ANG PAGBABATIAN NG KAPAYAPAAN**

### **PANALANGING PASTORAL**

### **TUGON**

**"Ang Daing Namin" MASP 15**  
Ang daing namin, Oh! Dios ay dinggin  
Kapayapaan mo'y nasang taggapin. Amen

**PASTOR**

## **ANG KAPAHAYAGAN NG SALITA NG DIYOS**

**PAGBASA MULA SA BANAL NA BIBLIA: KAWIKAAN 29:11; 1 SAMUEL 21: 1-8; 1 COR. 9:25**

**GLORIA PATRI:** "Ang Ama'y papurihan at ang Anak at ang Espiritu  
Buhat pa saunang-una, ngayo't magpakailanman, Walang hanggan,Amen,Amen"

### **MENSAHE SA AWIT:**

### **MENSAHE NG BUHAY**

### **TAHIMIK NA PAGNINILAY SA MENSAHE**

## **ANG PAGHAHANDOG NG MGA KALOOB**

### **TAWAG SA PAGHAHANDOG**

**Patnugot:** Ang mga ninuno natin sa pananampalataya ay nagkatipon ng malaon nang panahon upang magbigay alaala, upang magpanibagong lakas sa pagkatao. Sila'y nagbahaginan ng dalahin sa buhay, nagpanalangin sa isa't-isa at nagkaloob sa Dios bilang kabahagi ng paghahanda sa kanilang pagtatalaga sa labkayin ng kalayaan sa Pangakong Lupa.

**Kapulungan:** Ngayon, nagkatipon tayo upang magbigay alaala at manalangin, upang magpanibagong lakas sa ating pagkatao at maghandog upang magpatuloy ang ministeryo ng Iglesia sa pakikibahagi sa mapangligtas na pagkilos ng Dios. Magkaloob tayo bilang pasasalamat sa Dios na may pagpupuri.

### **PAGLILIKOM NG MGA HANDOG:**

**DEACONS**

### **HANDOG NA AWIT**

**TUGON**

#### **"Doxologia"**

Purihin ang Diyos ng Awa. Kristo't Diwang mapagpala  
Magpuri ang taong madla sa Diyos ng langit at lupa Amen.

### **PANALANGIN NG PASASALAMAT**

**Patnugot**

### **AWIT NG PAGTATALAGA:**

#### **"Si Bathala ang Matibay"**

**MASP193**

1. Si Bathala ang matibay, Moog ng kalakasan. Siya ang ating tanggulan sa madlang kasamaan. Pagkahinalay tayo ng kaaway, Siya ang tawagan. Kanyang kalakasan tulong na kailangan.
2. Kung sariling kalakasan, ang s'yang panghahawakan; Tayo'y di magtatagumpay sa ting pakikilaban. Ngunit kung si Kristo ang ating kapisan hindi matatalo tayo sa digmaan sa Kanya'y may tagumpay.
3. Ang mundo man ay mapuspos, ng kasalanang salot kami'y hindi matatakot pagka't kasama ang Dios puno ng karimlan, di katatakutan pagka't nalalamang Siya'y wawakasan kay Cristong wika lamang.
4. Ang Kanyang katotohanan, ay wala ng kapantay; Espiritu ay kaakbay kapanig nating tunay sa pakikilaban, buhay may pumanaw, ay ang kaharian ng Dios na marangal magpasa-walang hanggan.

### **PANALANGIN NG PAGTATALAGA**

**PASTOR**

### **PAGPAPALA AT BASBAS**

**PASTOR**

**TUGON:** **Tatlong Amen**

**Amen, Amen, A-a-a-amen**